

23 Agosto, 2026 - Ika-Dalawanput Isang Linggo sa Karaniwang Panahon

Isaias 22,19-23; Romano 11,33-36; Mateo 16,13-20

PAMBUNGAD

Minsan, may tinanong sa isang batang arkitekto kung ano ang pinakamahalagang bahagi ng isang gusali. Inaasahan ng mga tao na sasabihin niyang ang bubong, ang mga pader, o ang ganda ng disenyo. Sa halip, sumagot siya, “Ang bahaging hindi nakikita ninuman---ang pundasyon. Kung mahina ito, unti-unting babagsak ang lahat.” Ilang taon pagkaraan, matapos tamaan ng lindol ang kanilang lungsod, maraming kahanga-hangang gusali ang nabitak at bumagsak, ngunit ang mga itinayo nang matatag sa matibay na lupa ay nanatiling nakatayo. Ang nakatagong pundasyon ang gumawa ng malaking pagkakaiba.

Inaanyayahan tayo ng Ebanghelyo ngayon na pag-isipan ang pundasyon ng ating sariling buhay. Nagtatanong si Hesus sa Kanyang mga alagad ng isang tanong na hindi lamang teolohikal kundi lubhang personal: “Sino ako ayon sa inyo?” Ito ang tanong na tumutukoy kung ang ating pananampalataya ay itinayo sa buhanginang gumagalaw o sa matibay na bato.

Sumagot si Pedro nang may lakas ng loob at pananampalataya: “Ikaw ang Kristo, ang Anak ng Diyos na buhay.” Ipinagkatiwala noon sa kanya ni Hesus ang mga susi ng Kaharian at ipinangako na ang Kanyang Simbahan ay mananatiling matatag sa kabila ng mga bagyo at pagsalungat. Ipinaaaalala ng Ebanghelyo na ang pananampalataya ay hindi lamang minana, hiniram, o batay sa opinyon ng nakararami; kailangan itong maging personal na relasyon kay Kristo.

Habang tayo'y nagtitipon sa paligid ng dambangang ito, kinikilala natin na may mga sandaling humihina ang ating pananampalataya, kapag pinapalitan ng takot ang tiwala, at kapag nabibigo tayong panatilihin si Kristo sa gitna ng ating buhay. Kaya't hingin natin sa Panginoon ang habag at kapatawaran.

HOMILIYA

Minsan, may isang munting batang lalaki na nakatayo sa tabi ng kanyang lolo sa isang mabatong dalampasigan habang pinagmamasdan ang mga alon na dumadagundong sa mga bangin. Itinuro ng lolo ang isang parola na matatag na nakatayo laban sa bagyo at sinabi, “Alam mo ba kung bakit nananatiling nakatayo ang parolang iyon matapos ang napakaraming taon? Dahil ito'y itinayo sa bato. Ang bagyo ay hindi humihingi ng pahintulot bago dumating. Ang pundasyon ang mahalaga.”

Pagkaraan ng maraming taon, sinabi ng apo na sa wakas ay naunawaan niya ang ibig sabihin ng lolo niya---hindi noong madali ang buhay, kundi noong tinamaan ng karamdaman ang kanyang pamilya, noong nabigo ang mga pagkakaibigan, at noong sinubok pati ang kanyang pananampalataya. Doon lamang niya napagtanto na ang pinakamalalim na tanong sa buhay ay ito: Ano ang pinagbabatayan ng aking buhay? O kung mas personal pa: Sino ang nasa gitna ng aking buhay? Iyan mismo ang tanong na siyang puso ng Ebanghelyo ngayon.

Ang Ebanghelyo ngayon ay naganap sa isang mapagpasyang bahagi ng pampublikong buhay ni Hesus. Ito ay tila katulad ng kalahating parte sa isang laro ng putbol. Sa panahon ng kalahating parte ng laro, umaalis ang mga manlalaro sa larangan at nagtitipon

sa silid -bihisan. Sinusuri ng tagapagsanay ang mga nangyari, inihahanda sila para sa susunod na laban, at ipinaaalala sa kanila kung ano talaga ang mahalaga upang makatapos nang maayos.

May katulad na nangyayari sa Ebanghelyo ngayon. Umatras si Hesus kasama ang Kanyang mga alagad patungong Cesarea Filipos, sa dulong hilaga ng Israel, malapit sa pinagmumulan ng Ilog Jordan. Isa itong tahimik at malayong lugar, malayo sa mga tao. Ito, sa madaling salita, ang kalahating parte ng Kanyang pampublikong ministeryo.

Hanggang ngayon, ang unang kalahati ay tila lubhang matagumpay. Sinundan Siya ng mga tao saan man Siya magpunta. Namangha sila sa Kanyang mg itinuro. Nakita nilang pinagaling Niya ang mga maysakit, nilinis ang mga ketongin, pinatahimik ang mga bagyo, pinalayas ang mga demonyo, at pinakain ang libu-libong tao sa iilang tinapay at isda. Ilan pa nga sa kanila ay nais Siyang gawing hari.

Ang unang kalahati ay tila nagtagumpay.

Ngunit alam ni Hesus na magiging lubhang naiiba ang ikalawang kalahati. Sa madaling panahon, Siya'y tatanggihan, hindi mauunawaan, paparatangan, at hahatulan. Ang mga tao ring dating sumigaw ng “Hosana!” ay sa bandang huli ay sisigaw ng, “Ipako Siya sa krus!” Ang daan sa unahan ay tungo sa Krus.

Kaya sa tahimik na lugar na iyon, nagtanong si Hesus.

“Ano ang sabi ng mga tao kung sino ang Anak ng Tao?”

Sumagot ang mga alagad: “Sabi ng ilan, si Juan Bautista; sabi ng iba, si Elias; may nagsasabi rin na si Jeremias o isa sa mga propeta.”

Magagalang na mga sagot ito. Kinikilala nila si Hesus bilang isang banal na tao, isang propeta, isang isinugo ng Diyos. Ngunit hindi nasisiyahan si Hesus sa mga opinyon lamang na naririnig mula sa iba.

Pagkatapos ay dumating ang personal na tanong:

“Pero kayo... sino ako ayon sa inyo?”

Isa ito sa pinakamahalagang tanong sa buong Ebanghelyo.

Hindi nagtanong si Hesus, “Ano ang narinig ninyo tungkol sa akin?”

Hindi rin Niya tinanong, “Ano ang palagay ng mga iskolar?” o “Ano ang popular na opinyon?” Tinanong Niya, “Sino ako ayon sa inyo?”

Sa huli, bawat alagad ay kailangang personal na sagutin ang tanong na iyon.

May isang guro na minsang nagtanong sa isang klase ng mga bata, “Sino si Hesus para sa inyo?” Isang bata ang sumagot, “Si Hesus ay parang Wi-Fi.” Natawa ang guro at nagtanong, “Ano ang ibig mong sabihin?” Sumagot ang bata, “Hindi mo Siya makikita, pero kapag naputol ang koneksyon, tumitigil ang lahat.”

Higit pa sa inaakala natin ang karunungan taglay ng sagot na iyon.

Ang pananampalataya ay hindi lamang pagkaalam ng mga katotohanan tungkol kay Hesus. Ito ay ang pamumuhay sa relasyon sa Kanya.

Sumagot si Pedro sa ngalan ng Labindalawa:

“Ikaw ang Kristo, ang Anak ng Diyos na buhay.”

Nagalak si Hesus. Sa wakas, naunawaan ni Pedro ang isang mahalagang bagay. Gayunpaman, kahit si Pedro ay hindi pa lubusang nauunawaan kung anong uri ng Mesiyas si Hesus. Nag-iisip pa rin siya ng kaluwalhatian at tagumpay. Hindi pa niya natutuhan na ililigtas ng Mesiyas ang mundo sa pamamagitan ng pag-ibig na dumaranas ng hirap.

Kadalasan, ganito rin ang ating pagkakamali.

Marami ang masayang sumusunod kay Kristo kapag maayos ang buhay, kapag mabilis na sinasagot ang mga dalangin, at kapag nagdadala ng ginhawa ang pananampalataya. Ngunit paano naman sa ikalawang kalahati? Paano kung dumating ang karamdaman, kapag nasira ang mga relasyon, kapag dumating ang mga kabiguan, o kapag ang mga dalangin ay tila sinasalubong lamang ng katahimikan?

May isang binatilyo na minsang ikinuwento kung paano siya nanumbalik sa pananampalataya matapos ang mahabang taon ng paglayo sa Simbahan. Sumasailalim noon sa malaking operasyon ang kanyang munting anak na babae. Nag-iisang nakaupo sa isang silid-hintayan ng ospital, nadarama ang kawalang-magawa at takot, kinuha niya ang isang Bibliya at binuksan ito sa mga salita ni Hesus: “Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nahihirapan at nabibigatan, at bibigyan ko kayo ng kapahingahan.”

Sinabi niya sa bandang huli, “Sa sandaling iyon, tumigil si Hesus na maging isang ideya lamang at naging isang tunay na tao.”

Iyan ang nangyari sa Cesarea Filipos. Ang mga alagad ay hindi na lamang nakikitungo sa mga teorya tungkol kay Hesus. Sila’y iniimbitahan sa isang personal na pangako.

May isang matandang babae na minsang nagsabi sa kanyang pari, “Noong ako’y bata pa, naniwala ako dahil naniniwala ang aking mga magulang. Nang lumaon, naniwala ako dahil naniniwala ang aking asawa. Ngunit matapos siyang mamatay at ako’y naiwang nag-iisa sa bahay, kinailangan kong tuklasin kung tunay ba akong sumasampalataya.”

Iyan din ang Cesarea Filipos.

May sandaling dumarating kung kailan ang hiniram na pananampalataya ay kailangang maging personal na pananampalataya. Maaaring iba-iba ang karanasan natin kay Hesus. May kumikilala sa Kanya bilang ang Mabuting Pastol na gumagabay sa kanila. Ang iba naman ay nakakaranas sa Kanya bilang Tinapay ng Buhay na nagpapakain sa kanila. May kumakapit sa Kanya bilang Ilaw sa kadiliman. Ang iba naman ay nakikilala Siya bilang ang mapagmalasakit na kaibigang lumalakad kasama nila sa gitna ng kalungkutan.

Ang mahalaga ay hindi lamang ang pagkaalam tungkol sa Kanya kundi ang tunay na pagkakilala sa Kanya.

Ipinahayag ni San Pablo ang pagkamangha na ito sa ikalawang pagbasa ngayon:

“Kay lalim ng kayamanan, karunungan, at kaalaman ng Diyos!”

Kinikilala mismo ni Pablo na ang Diyos ay higit pa sa anumang lubusan nating maiintindihan. Ngunit ang walang-hanggang Diyos na ito ay nagnanais ng personal na relasyon sa atin. Kilala Niya tayo sa ating pangalan. Inaanyayahan Niya tayong magtiwala sa Kanya.

Pagkatapos ay ipinakilala ni Hesus ang isa pang makapangyarihang larawan:

“Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit.”

Ang mga susi ay sagisag ng tiwala. Hindi natin ibinibigay ang ating mga susi sa mga estranghero. Kapag binigyan natin ng susi ang isang tao, sinasabi natin, “Pinagkakatiwalaan kita.”

Sa unang pagbasa, ang susi ng Sambahayan ni David ay inilagay sa balikat ni Eliakim bilang tanda ng kapangyarihan. Sa Ebanghelyo, ipinagkatiwala ni Hesus kay Pedro ang mga susi ng Kaharian.

Ngunit ang kapangyarihan sa Ebanghelyo ay hindi kailanman tungkol sa pananakop. Ito ay tungkol sa paglilingkod. Tinawag si Pedro upang magbukas ng mga pinto sa halip na isara ang mga ito--magbukas ng mga puso kay Kristo, magbukas ng daan tungo sa habag ng Diyos, magbukas ng landas ng pananampalataya.

May isang paring pambarangay na minsang nagkuwento tungkol sa isang simbahang nasira sa panahon ng digmaan. Isang estatwa ni Kristo malapit sa pasukan ang nawalan ng magkabilang kamay. Nais ng ilang parokyano na palitan ito, ngunit sa halip, inilagay ng pari ang isang tanda sa ilalim ng estatwa na nagsasabing: “Si Kristo ay wala nang kamay ngayon kundi ang sa atin.”

Iyan ang misyon ng Simbahan.

Hindi kaganapan. Hindi karangyaan. Kundi paglilingkod.

Si Pedro mismo ay malayo sa kaganapan. Ang parehong Pedro na nagpahayag ng, “Ikaw ang Kristo,” ay magtatatwa kay Hesus nang tatlong ulit sa hinaharap. Ngunit hindi inalis ni Hesus ang Kanyang tiwala.

Dapat itong magbigay-lakas ng loob sa ating lahat.

Palaging gumagamit ang Panginoon ng mga taong hindi perpekto.

May isang guro na dinalaw ng isa sa kanyang dating mag-aaral pagkalipas ng maraming taon mula nang magtapos ito.

Nagpasalamat ang lalaki sa guro sa paniniwala nito sa kanya noong walang ibang naniniwala. Napuno ng luha ang mga mata ng guro habang sumasagot, “Hindi ko akalaing napakahalaga pala ang aking mga salita.”

Bihira nating mapagtanto kung paano tayo ginagamit ng Diyos sa buhay ng ibang tao.

May mga susi ang mga magulang na nagbubukas sa kanilang mga anak tungo sa pananampalataya. May mga susi ang mga guro na nagbubukas ng mga isipan tungo sa katotohanan. May mga susi ang mga pari na nagbubukas ng mga puso sa pamamagitan ng mga sakramento. May mga susi ang mga kaibigan na nagbubukas ng mga sugatang buhay sa pamamagitan ng kabutihan at pagpapatibay.

Kahit ang isang simpleng salita ay maaaring magbukas ng pag-asa. Kaya't nagtatanong ang Ebanghelyo sa atin ng dalawang bagay.

Una: Sino si Hesus para sa akin?

Ikalawa: Anong mga pinto ang inaanyayahan Niya akong buksan para sa iba?

Nananatili ang Simbahan hindi dahil laging malakas, matalino, o banal ang mga Kristiyano, kundi dahil si Kristo mismo ang nananatiling tunay na pundasyon.

Dumarating ang mga bagyo. Dumarating ang mga eskandalo.

Dumarating ang kahinaan. Dumarating ang pagsalungat. Ngunit nananatiling tapat si Kristo.

May isang lumang kuwento tungkol sa isang manlalakbay na naipit sa isang matinding bagyo sa bundok. Hinampas siya ng ulan, napaligiran siya ng kadiliman, at natakot siyang hindi makaligtas sa gabing iyon. Pagkatapos, sa malayo, nakakita siya ng maliit na ilaw. Sinundan niya ito, at nakarating siya sa isang munting kubo na matibay na itinayo sa bato.

Habang siya'y pumapasok, pagod at nangangatal, ngumiti ang matandang babae sa loob at sinabi, “Huwag mong katakutan ang bagyo sa labas kung matatag ang iyong kanlungan sa matibay na lupa.”

Iyan ang mensahe ng Ebanghelyo ngayon.

Darating ang mga bagyo ng buhay. Maaaring kumupas ang palakpakan ng maraming tao. Maaaring maging mas mahirap ang ikalawang kalahati ng buhay kaysa sa una. Ngunit kung si Kristo ang tunay na nasa gitna ng ating buhay, kung ang ating pananampalataya ay nasa Kanya at hindi lamang sa mga kalagayan, kung gayon ay makapananatili tayong matatag.

Tulad ni Pedro, nawa'y makasagot tayo mula sa kaibuturan ng ating mga puso:

“Ikaw ang Kristo, ang Anak ng Diyos na buhay.”

At nawa'y makita ng iba, sa lakas at pag-asa ng ating pananampalataya, si Kristo bilang batong matatag sa ilalim ng kanilang sariling mga paa.

Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr., Perth, Australia**